THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

JUNE 16-30, 2026 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Mga legasiyang naiwan ni dating senador Miriam Defensor-Santiago



*Former Senator Miriam Defensor-Santiago*

Kinilala bilang "**Iron Lady of Asia**" dahil sa kaniyang matapang na pagtuligsa sa korapsyon at iba pang katiwalian sa pamahalaan, si dating senadora Miriam Defensor-Santiago ay naging inspirasyon para sa marami dahil sa kaniyang malawak at malalim na kaalaman sa pamumuno sa bayan bilang mambabatas.

***Sa ika-81 anibersaryo ng kaniyang kapanganakan, narito ang ilan sa maraming legasiya na iniwan ni Santiago:***

### Pag-aaral

Naitalang noong mag-aaral pa lamang sa University of the Philippines (UP) ang dating senadora, nakakuha siya ng "near-perfect average grade" na 1.1, kung saan, ang itinuturing na perpektong grado rito ay 1.0. Dahil dito, ang kaniyang 4-year course rito ay natapos niya sa loob lamang ng 3 ½ na mga taon.

Sa UP, nakapagtapos ng Bachelor of Arts at Bachelor of Laws si Santiago bilang cum laude.

Ipinagpatuloy niya ang kaniyang Master of Laws at Doctor of Juridical Science sa University of Michigan, na isa sa "Top 3 Law Schools" sa United States.

Bukod sa pag-aaral ng abogasya, naitala na si Santiago ay nakapagtapos din ng Master of Arts in Religious Studies sa Maryhill School of Theology.

### Fighting Judge

Ayon sa lathala ng Ramon Magsaysay Award Foundation, si Santiago ang kauna-unahang naging "youngest presiding judge" sa Quezon City Regional Trial Court, kung saan, tinatayang 50 kaso kada buwan ang kaniyang hinahawakan.

Sa pagiging husgado, mariing tinanggihan ni Santiago ang anumang pagpapaliban at panunuhol.

Kaya dito ay nakilala rin ang panuntunang, "no bribes or extortion" sa kaniyang korte.

### International Criminal Court Judge

Taong 1988, si Santiago ang itinuring na kauna-unahang Pinoy at Asyanong nailuklok bilang husgado sa International Criminal Court sa The Hague, The Netherlands.

Dito ay napatunayan ni Santiago ang lawak ng kaniyang legal na kaalaman at kakayahang pagtibayin ang hustisya sa labas din ng bansa.

***United Nations Legal Officer:*** Naitalang nanilbihan bilang legal officer ng United Nations si Santiago sa Geneva, Switzerland.

***Philippine Embassy Consultant:*** Nanilbihan din si Santiago bilang consultant sa Philippine Embassy...*- p2*

## . . . *Miriam Defensor*

Washington, DC.

***UP Law Professor***: Bilang law professor sa UP sa loob ng 10 taon, si Santiago ay nakapagsulat ng tinatayang 30 libro tungkol sa batas at social sciences.

***Senador:*** Bilang senador, ang mga kilalang ipinanukalang probisyon ni Santiago ay ang anti-dynasty bill, anti-epal bill, freedom of information bill, at ang magna carta for Philippine internet freedom.

Nakilala rin dito si Santiago dahil sa kaniyang katapangan na harapin at pangalanan ang ilang criminal suspects sa kanilang mga imbestigasyon.

### *Mga parangal*

Sa kaniyang paninilbihan pa sa iba't ibang sangay ng pamahalaan, kinilala ang kahusayan ni Santiago sa pamamagitan ng mga parangal tulad ng The Outstanding Young Men (TOYM), The Outstanding Women in the Nation's Service (TOWNS), at Most Outstanding Alumna in Law mula sa UP. *- Pinas News*

# Ontario inilahad ang mga mandatoryong pagbabago sa mga eskuwelahan simula taglagas

Inanunsyo ni Ontario Education Minister Paul Calandra ang mga pagbabago noong Lunes, sinabi na madalas marinig ng ministry mula sa mga titser na kailangan nila ng mas mahigpit na kontrol sa mga klase. Sinabi niya na ang mandatory assessment standards ay isang paraan upang ibigay sa mga titser ang kontrol na iyon para tiyakin na ang mga estudyante ay nauunawaan ang mga lesson.

Upang suportahan ang consistent curriculum sa buong probinsya, gagastos ang Ontario ng $60 milyon sa isang digital learning platform mula sa Nelson Education na tinatawag na Edwin, ani Calandra. Ang platform na ito ay magbibigay sa mga school board ng isang resource option sa bagong school year, ngunit ang mga titser ay hindi ire-require na gamitin ito.

### Bagong grade breakdown para sa mga high school

Ayon sa website (bagong window) ng probinsya, ang breakdown para sa pinal na grado ng secondary school student isasama ang sumusunod na standards:

• Ang grado para sa Grades 9 at 10 ibabase sa 65% ng mga gawain sa klase, 20% sa pinal na mga evaluation at 15% sa attendance at partisipasyon.

• Ang grado para sa Grades 11 at 12 ibabase sa 65% ng mga gawain sa klase, 25% sa pinal na mga evaluation at 10% sa attendance at partisipasyon.

• Ang written exams ay magiging mandatory para sa ilang klase, kasama ang English, math at science.

• Ang mga estudyante na na-miss ang dalawang klase o mas kaunti at consistently na nagpa-participate sa klase makakakuha ng 80 hanggang 100% ng kanilang participation marks. Ngunit ang makaka-miss ng higit siyam na klase at hindi nagpa-participate kailanman makakakuha ng less than 50% ng grado.

### Digital platform layunin ang makatipid ang mga titser sa oras

Sinabi ni Ben Higgins, vice-president ng corporate strategy sa Nelson Education, na ang Edwin ay ginawa upang makatipid sa oras ang mga titser, bigyan sila ng timely content (tulad ng FIFA-related lessons) at lumikha ng data sa progreso ng klase.

Ang programa pahihintulutan ang mga titser na i-assign sa mga estudyante ang mas mataas o mas mababang lebel ng grade work batay sa kanilang mga pangangailangan, aniya.

We give the tools to the teachers so that they can meet each student where they truly are, aniya.

Ang ilang titser ay gumagamit na ng platform sa kanilang mga klase, ani Calandra.

Sinabi ni Calandra na ang data ipapakita sa mga titser ang gaps sa kaalaman at sino ang mga estudyante na kailangan ng suporta, bibigyan din nito ang mga magulang ng access upang makita ang performance ng kanilang anak kumpara sa buong klase. *-RCI*




APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Digong isasalang sa medical exam bago litisin




Inatasan ng International Criminal Court (ICC) Trial Chamber III na isailalim sa medical examination si dating Pangulong Rodrigo "Digong" Duterte upang matukoy kung siya ay karapat-dapat na humarap sa paglilitis na nakatakdang magsimula sa Nobyembre 30.

Magugunitang nahaharap si Duterte sa kasong crimes against humanity kaugnay ng kanyang kampanya laban sa ilegal na droga.

Isasagawa ang medical examination sa parehong independent medical panel na nagsuri sa kanya noong pre-trial phase, na binubuo ng mga eksperto sa forensic psychiatry, geriatric at behavioral neurology, at neuropsychology.

Hiniling ng depensa ang panibagong pagsusuri dahil sa umano'y patuloy na paglala ng kalagayan ng dating pangulo. Hindi naman ito tinutulan ng prosekusyon.

Ayon kay Joanna Korner, mahalagang matiyak na kayang maunawaan ng akusado ang mga paratang, masubaybayan ang paglilitis, at magampanan ang kanyang mga karapatan upang matiyak ang isang makatarungang paglilitis.

Nakatakdang isagawa ang mga pagdinig mula Lunes hanggang Biyernes sa serye ng mga sesyon bago ang pagsisimula ng paglilitis sa huling bahagi ng taon. *Abante News*



## PINAKILOS AGAD NI PBBM ang buong ahensiya ng gobyerno sa nakakamatay na 7.8 lindol sa Sarangani



*Grabe ang lindol na nangyari sa General Santos City, kamakailan sa Mindanao nitong June 8, 2026.*

**PILIPINAS** — Umabot na sa 68 ang nasawi matapos ang magnitude 7.8 na lindol na tumama sa Maasim, Sarangani, na nagdulot ng malawakang pinsala sa mga gusali at mahahalagang imprastraktura, ayon sa Office of Civil Defense (OCD).

Naitala rin ang 234 sugatan at 12 nawawala, bagamat sinabi ng OCD na patuloy pa ang beripikasyon ng mga ulat.

Nagdulot din ang sakuna ng malawakang pinsala sa mga tahanan at imprastraktura. Iniulat ng mga awtoridad na 13,652 mga bahay ang ganap na nasira, habang 60,281 ang nagkaroon ng bahagyang pinsala.

May kabuuang 774 mga pasilidad ng imprastraktura ang nasira, na tinatayang umabot sa P1.29 bilyon ang pinsala.

Samantala, Pinakilos ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang lahat ng ahensiya ng gobyerno matapos ang magnitude 7.8 lindol sa Sarangani. ***"To our kababayans in the affected provinces, please heed the tsunami warning. Move to higheer ground now. Do not wait. Your life is more important than anything left behind,"*** ayon sa Pangulong PBBM. *-PILIPINAS NEWS*

# VP Sara sinopla ng Palasyo



***Vice President Sara Duterte***

**PILIPINAS**- Binuweltahan ng Malakanyang si Vice Pres. Sara Duterte dahil sa pahayag nito na ang insidente ng pamamaril sa isang eskwelahan sa Tacloban City ay dahil sa kabiguan ng pamahalaan na kilalanin ang kahalagahan ng intelligence gathering at pagtukoy sa mga posibleng banta.

Sinabi ni Palace Press Officer Atty. Claire Castro, na ang mga menor-de-edad na sangkot sa pamamaril sa San Jose National High School ay hindi mga terorista.

Giit ni Castro, ang dalawang suspek ay mga estudyante na tila gumon sa marahas na online gaming at hindi mino-monitor para sa intelligence gathering.

Ang reaksyon ng Palasyo ay kasunod ng pahayag ni VP Sara na ang patuloy na pagkawala ng buhay ng mga kabataan ay magsilbing wake-up call sa administrasyon at hinikayat na kumilos agad sila para maging ligtas ang mga paaralan.

Buwelta pa ni Castro, sa susunod na mamintas at manira ang Bise Presidente ay itanong din sa kanya kung ano ang kanyang suhestyon. Kinuwestyon din niya kung bakit hindi tinuruan ang kanyang ama na maresolba ang mga ganitong sitwasyon.

- PINAS NEWS

S e r v i n g o u r c o m m u n i t y s i n c e 2 0 0 0

Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from Southeast Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS! Taliba Newspaper & Flipz Media 647-287-1870

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.



*Cabinet & Countertop Store*

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!



***VR STONES & QUARTZ INC., YOUR COUNTERTOP EXPERT!!!!***

**For More Information CALL: 647-877-6133**

# Facebook binabayaran ang mga tao sa ibang bansa na isinusulong ang Alberta separatism

## *Nakita ng CBC ang 14 accounts sa India, Pakistan, Indonesia na nagpo-post sa popular Alberta separatist groups*




*May mga tao na sinasamantala ang Alberta separatism movement.*

Ang visual investigations team ng CBC dadalhin ka sa loob ng isang industriya mula sa ibang bansa na pinagkakakitaan ang separatism movement ng Alberta.

Natagpuan ng CBC ang dose-dosenang accounts sa ibang bansa na nagpo-post sa mga pinakasikat na separatist Facebook groups; sa ilang kaso, ninanakaw nila ang content mula sa mga totoong Albertans at ipinagmamalaki ang pagkita ng pera sa pamamagitan ng monetization program ng Meta.

***"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from Southeast Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."*** *- RollyCab TALIBA NEWS*

# Ang Maynila para sa kaalaman ng mga Manilenyo




Mula sa maiingay na busina ng mga sasakyan, nagtataasang gusaling umaabot sa kisame ng kalangitan, hanggang sa mga taong tila lilipad na sa pagmamadali patungo sa kanilang paroroonan, ang lungsod ng Maynila ay nagsisilbing kapital at sentro ng kultura, ekonomiya, edukasyon, at pamahalaan ng buong Pilipinas.

Sa pagdiriwang ng ika-455 anibersaryo ng pagkakatatag ng Maynila ngayong Miyerkules, Hunyo 24, narito ang ilan sa "fun facts" na mahalagang malaman ng bawat Manilenyo na bumubuo sa makulay na kasaysayan ng lungsod:

### Ang "Araw ng Maynila" ay araw ng pagkakatayo ng Intramuros, hindi ng Maynila sa kasalukuyang panahon

Taliwas sa kaalaman ng marami, ang petsang Hunyo 24 ay komemorasyon sa pagkakatatag ng Spanish Manila, na limitado sa lugar ng Intramuros.

Kaya ang Manila Day ay nagsisilbing selebrasyon ng pagkakatatag ng Intramuros, at hindi ng buong Metro Manila ng kasalukuyang panahon, na noo'y kilala bilang "arrabales" o lugar na tumutukoy sa labas ng mga pader ng Intramuros.

### Ang Manila City Hall ay hugis kabaong na may krus sa top view nito

Kapag tiningnan sa top o aeriel view, makikita na ang Manila City Hall ay hugis kabaong na may krus.

Dahil na rin naitalang naitayo sa dekada 1900s hanggang 1940s, ang Manila City Hall ay nababalot ng iba't ibang kuwentong kababalaghan at misteryo, na lumulutang tuwing hatinggabi o panahon ng undas.

### Kinikilala bilang "City of the Setting Sun"

Ang lungsod ng Maynila ay kinikilala bilang "City of the Setting Sun" dahil sa makapigil-hiningang view dito ng paglubog ng araw, partikular sa Manila Bay.

Dahil dito, kadalasang nagtitipon ang maraming photographers at mga magkasintahan sa Manila Bay upang panoorin ang paglubog ng araw o kaya'y kuhaan ito ng litrato.

### Ang pangalang "Manila" ay nagmula sa isang bulaklak

Ang pangalang "Manila" ay nagmula sa salitang "may-nilad" na tumutukoy sa isang mabulaklak na bakawang, "Scyphiphora hydrophylacea" na malago sa kahabaan ng Ilog Pasig noong sinaunang panahon bago pa man dumating ang mga Espanyol sa bansa.

### Tahanan ng "Oldest Chinatown" sa buong mundo

Matatagpuan sa Maynila ang itinuturing na "Oldest Chinatown" na itinayo noon pang 1594. Partikular itong mapupuntahan sa Binondo, na noo'y ginawa upang magsilbing tirahan ng mga Katolikong Tsino.

Dahil dito, ang lugar ng Binondo ay naging repleksyon ng relasyong Tsino-Pilipino ilang siglo na ang nakararaan.

# Walang Ebola cases sa Canada at walang bagong hantavirus cases


*Ang chief public health officer ng Canada - Dr. Joss Reimer*

***Walang Ebola cases sa Canada at walang bagong hantavirus cases.*** Ang panganib sa Canadians mula sa parehong virus ay mababa, ngunit ang screening ay ipinapatupad sa airports.

Nagbigay ng update ang chief public health officer ng Canada, si Dr. Joss Reimer, tungkol sa Ebola at sa Andes hantavirus kamakailan.

Sinabi ni Reimer na walang kaso ng Ebola sa Canada, at walang naging bagong kaso ng hantavirus sa Canada mula nang inanunsyo ang kaso noong nakalipas na nga linggo.

Sinabi dati ng Public Health Agency of Canada (PHAC) na hindi ito magpapatupad ng isang travel ban o aktibong ite-test ang mga biyahero para sa Ebola bagama't sinabi ng Health Ministry ng Ontario na isang residente na naglakbay kamakailan sa East Africa ang tinest para sa Ebola "out of an abundance of caution." ***- RCI***

# RollyCab artwork while in Khamis Mushait, KSA









# Canada at Pilipinas pinalakas ang kooperasyon sa depensa sa pamamagitan ng bagong MLSA



Kamakailan, si Minister of National Defence David McGuinty nakipagkita kay Philippine Secretary of National Defense Gilberto Teodoro upang palakasin ang bilateral defence relations at iabante ang kooperasyon sa isa sa pinakamahalagang defence partners ng Canada sa Indo-Pacific.

Sa pagpupulong, ang Minister at Secretary minarkahan ang dalawang importanteng milestone kaugnay ng relasyon sa depensa ng Canada at Pilipinas: ang paglagda sa isang Mutual Logistics Support Arrangement (MLSA) at ang pagpirma sa Statement of Intent on Strengthening Defence Cooperation.

Bago ang kanilang pag-uusap, ang Minister at Secretary pinirmahan ang MLSA sa pagitan ng Department of National Defence at Canadian Armed Forces at Armed Forces of the Philippines upang i-facilitate ang palitan ng logistical support sa panahon ng pinagsamang exercises, pagsasanay, pag-deploy at mga operasyon.

Ang kasunduan itataas ang pagiging handa sa mga operasyon at interoperability at tutulungan ang parehong puwersa na magkasamang magtrabaho nang mas epektibo.

Batay sa Defence Cooperation Arrangement na pinirmahan noong 2024 at sa Status of Visiting Forces Agreement na nilagdaan noong 2025, ang Canada at Pilipinas pumirma rin ng isang Statement of Intent on Strengthening Defence Cooperation upang gabayan ang susunod na yugto ng kanilang lumalagong defence partnership.

Ang Statement of Intent sumasalamin sa pangako na palalimin ang kooperasyon at nagbibigay ng roadmap upang palawakin ang kooperasyon sa pagitan ng Department of National Defence at Canadian Armed Forces at Department of National Defense of the Philippines at Armed Forces of the Philippines.

Sa kanilang mga diskusyon, in-explore ng mga ministro ang mga karagdagang oportunidad upang palawakin ang kooperasyon sa mga area tulad ng maritime security, joint military exercises at defence industry.

# Kilalanin ang designer sa likod ng logo ng Winnipeg Sea Bears Filipino Heritage Night

Ikinuwento ni Winnipeg Sea Bears graphic designer Micah Uminga sa host ng Up To Speed na si Faith Fundal ang tungkol sa kanyang disenyo para sa Filipino Heritage Night na naganap kamakailan Biyernes ng gabi.

Ang gabi na ito ay hatid ng Winnipeg Sea Bears na makakalaban ang Calgary Surge sa hardcourt.

Bago ang laro, magkakaroon ng mga Pinoy food truck sa isang pregame party sa Graham Ave. sa pagitan ng Hargrave at Donald.

Ang event ay iho-host ni Chester Pangan at magkakaroon ng half-time performance ang Sikat Dance Company. May maiuuwi rin na limited-edition Filipino heritage logo t-shirts.

Ang Winnipeg Sea Bear Filipino Heritage Night ay magaganap ngayong Hunyo 12 bandang 7 p.m. (CST) sa Canada Life Centre sa Winnipeg, Manitoba.






# Talento ni Tyra Cabrera... nagmana kay RollyCab






















## John 3:16

*"For God so loved the world that he gave his one and only Son, that whoever believes in him shall not perish but have eternal life."*

*The new world is not a dream it's a promise.*

*And Jehovah, who brought you this far, will make sure you see it with your own eyes*




## 1 Corinthians 15:58

*"Therefore, my beloved brothers, **be steadfast, immovable, always having plenty to do in the work of the Lord**, knowing that your labor is not in vain in connection with the Lord."*

**UNTIL WE REACH THE NEW WORLD**

Serving our community since 2000

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



*"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from South-east Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."*

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

**ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS!** Taliba Newspaper & Flipz Media **647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***